Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
SCHOOLS DIVISION OF EL SALVADOR CITY

DEPARTMENT OF EDUCATION
EL SALVADOR CITY- RECORDS SECTION
RELEASED
AUG 04 2025
Time: 4:N By: 9 Control #:

Hulyo 31, 2025

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 255, s. 2025

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025

Para sa: Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, Curriculum and Implementation Division
Hepe, School Governance and Operations Division
Pampubliko at Pribadong Punongguro/Ulongguro sa Elementarya/Sekundarya
Mga Guro sa Asignaturang Filipino
Lahat ng mga Kinauukulan sa Sangay na ito

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1 – 31 na pinangungunahan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025, ipinapatupad ang Kapasiyahan ng KWF na nagtatakda ng temang **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"** na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Kaugnay nito ay hinihimok ang lahat ng kawani ng Punong Tanggapan ng Sangay ng Lungsod El Salvador (Division Office Personnel) na sa bawat *Lunes ng buong Buwan* ng *Agosto 2025* ay magsusuot ng *Kasuotang Filipino/Filipiniana/ Barong Tagalog/ Katutubong Kasuotan* tuwing Seremonya ng Pagwagayway sa Bandila ng Pilipinas.

4. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
c. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga Programang pangwika nito.

5. Kaugnay sa nasabing pagdiriwang ay hinikayat na:

a. Magkakaroon ang bawat paaralan ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 Tarpaulin habang ang layunin at lingguhang tema ay ipapaskil sa lugar na madaling mabasa ng mga mag-aaral.
b. Bawat paaralan ng buong sangay ay magkakaroon ng maayos ngunit masaya at makulay na pagdiriwang sa unang araw o unang Lunes sa buwan ng Agosto bilang Pambukas at huling linggo sa Pampinid na Palatuntunan ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025.
c. Iminumungkahi at hinihikayat ang lahat na punongguro na magkakaroon ng mga patimpalak na nakalinya sa *Read-A-Thon Filipino* kagaya ng mga sumusunod: **Likhawento, Tahirawan at Bidyokasya.** Maaari ring itatampok ang mga gawaing lilinang sa kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral at naaayon sa tema ng pagdiriwang. Magpapasa ang bawat paaralan ng Ulat Pasalaysay o *Narrative Report* hinggil sa buong pagdiriwang sa Setyembre 4, 2025 kay **Genevieve E. Lusterio, PhD**, Tagamasid Pansangay sa Filipino.

6. Ang gawaing ito ay sumusunod sa Pantay na Prinsipyo ng Pagkakataon (*Equal Opportunity Principle*) kung saan walang diskriminasyon ayon sa gulang, kasarian, pagkakakilanlan, oryentasyong sekswal, katayuang sibil, kapansanan, relihiyon, lahi, o kaakibat na politikal.

7. Ang paglahok sa gawaing ito ay napapailalim sa *No Disruption of Classes* na nakasaad sa DepEd Order No 9, s. 2005 na pinamagatang *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance therewith.*

8. Ang mga gagastusin sa bawat gawain gaya ng pagkain, kagamitan at iba pa ay kukunin mula sa MOOE o iba pang lokal na pondo ng paaralan at pansangay na sumasailalim sa karaniwang mga tuntunin at pamantayan ng COA sa pagtutuos.

9. Hinihiling ang malawakan at agarang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RANDOLPH B. TORTOLA**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

KURIKULUM FILIPINO BUWAN NG WIKANG PAMBANSA